Panatang Makabatà

Ako, si _____, bílang mamamayang Filipino, ay kinikilala ang kahalagahan ng mga bata sa lipunan.

Dahil dito, ako ay nangangakong isulong, protektahan, igalang, at pangalagaan ang karapatan ng bawat bata, anuman ang kaniyang kulay, kasarian, lahi, relihiyon, kultura, estado sa búhay, may kapansanan man o wala.

#BataProtektahan
#KarahasanWakasan

Upang matiyak ang kasiyahan ng mga bata, naniniwala akong nararapat na matamasa nila ang mga ito:

- **Maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad;**
- **May tahanan at pamilyang nag-aaruga nang tama;**
- **Naninirahan sa payapa at tahimik na lugar;**
- **May sapat na pagkain at malusog at aktibong pangangatawan;**
- **Mahubog at mapalago ang mga kakayahan sa pamamagitan ng edukasyon at pakikilahok;**
- **May mga oportunidad na maipahayag ang isip, pananaw, at damdamin;**
- **May proteksiyon laban sa pang-aabuso, panganib, at karahasan; at**
- **Maipagtatanggol at matutulungan ng pamahalaan sa lahat ng panahon.**

Sa tulong ng Poong Maykapal, ito ay aking isasapuso at isasagawa ang lahat ng ito dahil ang mga bata ang pag-asa at siyáng magpapaunlad sa ating bayan.